# Pasubo bilang Panata: Pagbabalik, Pagtatagpo at Pagdiriwang sa Pook Pangkalinangan ng Pateros

Voltaire M. Villanueva

Pamantasang De La Salle-Maynila

Si **Villanueva** ay propesor sa Departamento ng Filipino ng Pamantasang De La Salle-Maynila. Nagtapos ng BSE-Social Science na may espesyalisasyon sa Filipino sa Pamantasang Normal ng Pilipinas (PNU), cum laude noong 2005. Nakamit ang kanyang digring MA sa Filipino-Lingguwistika sa Manuel Luis Quezon University (MLQU) bilang Best Thesis at kasalukuyang tinatapos ang kanyang PhD sa Araling Filipino sa Wika, Kultura, at Midya sa DLSU-Maynila. Siya rin ay may-akda, editor at tagapag-ugnay ng mga sanayang aklat sa Filipino at Araling Panlipunan sa antas kindergarten, elementarya, at sekondarya.

***Abstrak***

*Nakatuon ang papel sa pasubo, isang ritwal na pangunahing bahagi ng pista ng Pateros. Gamit ang pamamaraang etnograpiko, nangalap ng datos upang suriin ang ritwal bilang batayan ng mayamang kalinangang bayan. Batay sa lapit na historikal, tatalakayin ng pag-aaral ang ugat ng pasubo bilang panata ng mga magbabalut kay Santa Marta na sa pagdaloy ng panahon ay nagkaroon ng iba't ibang anyo at kahulugang kultural. Sa pagsusuri sa ritwal bilang pagwiwika, nagpapahiwatig ito ng paraan ng pagkontrol sa pagkilos upang isabuhay at ilapat ang mga tungkuling panlipunan. Dahil dito, nagkakaroon ng ugnayan ng mga mamamayang taal (kaugnay ng pagbabalut) at di-taal (dayo at nais sumaksi sa pasubo) na taga-Pateros. Sa huli, inilatag ng pag-aaral ang paglahok sa pasubo bilang "pagbabalik," "pagtatagpo," at "pasasalamat" na bunga ng maigting at organikong ugnayan ng tao sa kapaligiran at isang produkto ng talastasang bayan.*

***Mga Susing Salita***

*Pateros, pasubo, Santa Marta, pagwiwika, kalinangang bayan*

*I. Pateros: Lunan ng Pagbabalut*

Ang Pateros ay kilala bilang bayang pinagmulan ng balut mula sa sinasabing mga Tsino na sina Andres at Juan Candichoy. Sila ang katuwang ng mga taga-Pateros sa pag-uumpisa at pagpapaunlad ng industriya ng balutan. Ang industriya ng balutan ay maituturing na kuhanan, lagusan, at impukan ng kalinangang bayan ng Pateros.

Hindi maihihiwalay ang balut sa Pateros. Ang balut ay nagmula sa itlog ng mga itik (*Mallard ducks*). Tinatayang 17-18 na araw mula paggamit ng tradisyunal o artipisyal na init ang pinakamasarap na balut na mas kilala sa tawag na "balut sa puti". Kung hindi ito umakma sa tiyak na itinakdang araw, may posibilidad itong maging ibang produkto na nagmula rin sa itlog gaya ng penoy, mamatong, abnoy, heko, at iba pa. Sa balutan o kamalig ginagawa ang masarap at malinamnam na balut. Ito ang mahabang bahay na yari ang mga dingding sa sawali, nipa, o tabla. Ang bubong ay maaaring gawa sa pawid, nipa, kugon, o yero. Nakabatay ang uri ng pagawaan ng balut sa klasipikasyon ng produksyon, distribusyon, at konsumpsyon ng balut. Mahalagang mayroong magandang daanan ng hangin ang balutan sa pamamagitan ng paglalagay ng maliliit na bintana. Makatutulong din ang bintana sa preserbasyon ng init at lamig sa loob ng pagawaan ng balut.

Kakabit ng pagbabalut ang "pasubo," isang anyo ng pamamanata sa kinikilalang patrona ng balut na si Santa Marta bilang tanda ng pasasalamat sa masaganang ani ng balut at iba pang aning biyaya sa bayan. Isinusubo ang biyaya sa pamamagitan ng paghahagis at pagpapaagaw upang maipamahagi ang biyaya sa mga taga-loob at taga-labas ng Pateros.

Ginamit ang pamamaraang etnograpiko- mula sa paraang pagmamasid o obserbasyon hanggang sa malalim na pakikipag-ugnayan sa pook na pag-aaralan, at madalas na pagbababad sa lugar upang malapatan ng tamang pagsusuri (Dagmang 54-55) para sa pangangalap at panunuri ng datos. Sa pagsasakatuparan ng pananaliksik na ito, naging sandigan ang mga tiyak na hakbang sa pagsasagawa ng etnograpikong pag-aaral gaya ng pakikisalamuha, pagmamatyag, pakapa-kapa, patanong-tanong, at panayam at talakayan (Javier 1-12 at Dagmang 55). Sa tulong ng etnograpiya, natutuhog ang pagpapahalaga at pagpapalago sa malalim na pag-unawa sa ating gawi at pagkatao. Ang mga nakalap na datos ay daan upang makabuo ng iba't ibang paraan ng pagpapaliwanag ukol sa paniniwala, gawi, organisasyon, ritwal, at iba pa ng isang komunidad (Turner 45-47).

*Kaligiran ng Pasubo*

Maituturing na kakaiba at namumukod-tangi ang pasubo ng Pateros. Ayon sa tala:

> Isang pagsasaya ito sa ilog. Ang mga bangka ay napalalamutian ng ginagauran ng makikisig na "batang Pasig" ang yaong ditong maluwag na ilog sa tapat ng Bambang, sa pag-uunahan ay parang palasong binibinit na paminsan sa busog ng isang kamay na bakal. Ang mga bangka kung sumagitsit na ay parang pisaw na humahati sa tubig. Kasabay na paligsahan sa paggaod ang paghahagisan sa magkabilang dako ng mga kakanin na pangunahing palamuti ng pagdiriwang("Renacimiento Filipino" 27-28).

Tinatayang 1572 nang maitatag ang bayan ng Pasig. Mayroon itong orihinal na labindalawang baryo; isa rito ay ang Baryo Aguho na ngayon ay kilalang Pateros. Ang Baryo Aguho ay sinasabing nagmula sa pangalan ng mga punong tumutubo at napakarami sa baybay ilog. Pagsapit ng 1799, inihiwalay sa Pasig ang Aguho upang maging isang bayan ng *Provincia de Manila*. Ipinahayag naman noong 1801 na ang Aguho ay tatawaging *Pueblo de Patero* (Bayan ng mga mag-iitik), pinaikli ng mga prayle sa "Pateros" na siyang tawag sa nasabing bayan hanggang sa kasalukuyan (Nocheseda 68-69).

Bago pa man manakop ang mga Kastila ay may mga naninirahan nang mga katutubo na tinatawag na "taga-ilog." Mayaman ang kanilang kultura. Mayroon silang mga paniniwala at tradisyon tulad ng paggalang sa mga buwaya bilang mga "nuno" kaya't nagkakaroon sila ng "pagpapasubo," isang paraan ng pag-aalay ng pagkain na may kasamang pagsasayaw bilang anyo ng kanilang mataimtim na panalangin. Pinaniniwalaang may isang napakalaking buwaya na kinatatakutan sa ilog. Ito ang nanginginain ng mga alagang itik ng mga patero o gumagawa ng balut na minsan pa ngang kumitil ng buhay ng mga tao. Dahil sa malaking pangamba ng mga mamamayan ay may isang pari na hindi naitala ang pangalan ang nagdebosyon kay Santa Marta.

Pinaniniwalaang ang *pasubo* ay pagbabalik ng grasya sa Panginoon kaya't tinatawag din itong "subo sa Panginoon." Ginagawa ang pagpapasubo tuwing pista ng bayan kasabay sa kaarawan ng Mahal na Patrong si Santa Marta, isa sa patron ng bayan. Ang isinusubo ay iba't ibang alay na mga produkto tulad ng balut, itlog na pula, alpombrang tsinelas, prutas, suman, kendi, at iba pa. Ihahagis ito o isusubo ng mga tao sa kanilang tahanan habang dumaraan ang prusisyon at ang Patron ng balut na si Santa Marta.

Ang tradisyon at kultura ay kaluluwa ng isang bayan. Sa Pateros, ang

kaluluwa ng bayan ay pinayayaman ng ekolohiya at ang pagsamba ng mga mamamayan. Sa pista ng bayan ay mababanaag ang pagiging pala-bigay ng mga mamamayan. Kasama na rito ang pagbibigay ng suman at balut. Tinatawag na *pasubo* o prusisyong dinadaluhan ng mga taal na mamamayan at ang mga bumalik na mamamayan mula sa pandarayuhang lokal at pambansa.

Sa sinaunang paniniwala ng mga Pilipino nakaugat ang *pasubo* bilang paggalang sa mga nuno o mga elementong hindi nakikita ng tao upang humingi ng pahintulot o pasasalamat. Sa tulong ng *pasubo* pinaniniwalaang ang ritwal na ito ay tanda ng pagpapahalaga sa anuman o sinumang makapangyarihang elementong nasasakupan ng ilog. Ang paniniwala at pananampalataya kay Santa Marta na nagbunga ng pagdiriwang ng pasasalamat na kinikilalang *pasubo* ay isang taal na tradisyon ng ating mga ninuno (Covar 169). Kagaya ito ng paniniwala ng marami sa mga diwata na naging paniniwala rin ng mga taga-Pateros  kay Santa Marta.

Magkadikit ang balut at *pasubo* bilang pangunahing kultura ng bayan. Lagus-lagusan ang konsepto ng pagbabalik, pagdiriwang, at pagtatagpo ng mga taga-loob at taga-labas ng Pateros sa selebrasyon tuwing sasapit ang Pista ng Pateros.

> Bayan ng Pateros, ayon sa kasaysayan
> Lahing magiting, kanyang pinagmulan
> May sakahang lupa, may ilog na daluyan
> Kinagisnang gawain ay pag-iitikan

Bahagi ang mga linyang ito ng "Himno ng Pateros" na isinulat ni Prop. Patrocinio Villafuerte. Nakaugat anf awitin sa maigting na ugnayan ng kasaysayan, kapaligiran, at kabuhayan. Hindi maihihiwalay ang pag-iitikan sa nagsasalakupang salik sa kaakuhan ng bayan ng Pateros. Sa tiyak na pagsasakonteksto, mahigpit ang ugnayan ng mayamang kasaysayan at kalinangan ng industriya (balutan) at panata (pasubo) sa pagkakakilanlan ng payak na bayan ng Pateros.  Ang nagtatalabang konsepto ng balut, balutan, at pasubo ay batayang konseptuwal sa pagdalumat ng  pagbabalik, pagtatagpo, at pagdiriwang ng mga taga-loob at labas ng komunidad ng Pateros.

*II. Ugat ng Panata: Si Santa Marta, Patron ng Pateros*

Sa dusa't dilang hilahil,
At sakunang sapin-sapin,
Martang pintakasi namin,
Kama'y iyong idalangin

Bahagi ito ng dalit o dasal tuwing sasapit ang pagnonobena kay Santa Marta bago ipagdiwang ang pista ng Pateros.

Ayon sa paniniwalang Katoliko, si Santa Marta ay nakapagpaamo ng isang dragon sa ilog ng Rhone Tarascon sa bansang Pransya. Si Santa Marta at ang kanyang kapatid na sina Santa Maria at San Lazaro kasama ang ilan pang mga banal ay ipinatapon ng ilang malulupit na mga Hudyo na nagnanais na sila ay mamatay sa karagatan ng Palestina. Isinakay sila sa bangkang walang layag, walang pagkain, at mga kagamitan. Ang kanilang pangkat ay napadpad sa Camargue sa Timog Arles, Pransya na tinatayang naganap noong 48AD. Nagtungo si Santa Marta sa Rhone hanggang makarating sa Tarascon na pinaniniwalaang pinamumugaran ng mga dragon na tinatawag na Tarasque. Hiningan siya ng tulong ng mga mamamayan na mahuli ito. Nang mahuli ni Santa Marta ang mga dragon, ibinigay niya ito sa mga mamamayan at kanila itong pinagpira-piraso. Dahil sa milagrong hatid ni Santa Marta ay dumami ang nagpabinyag upang maging Kristiyano. Tinatayang namatay si Santa Marta sa nasabi ring lugar noong 68 AD. Taong 1199 itinayo ang napakagandang simbahan para sa kanyang karangalan. Mula noon marami nang dumayo sa lugar na iyon upang manalangin kay Santa Marta at nadagdagan pa ng maraming monasteryo at bahay panalanginan mula sa alaala nang yumaong si Sta. Marta ("Dasal ng Pamimintuho kay Sta Marta" 8-9).

Ayon sa kasaysayan, noong 1700, tinatayang 200 lamang (Gonzales 12-13) ang nakatira sa malapit sa baybay-ilog ng Pateros. May sariling kultura at paniniwala ang mga nasabing mamamayan. Bago pa man maging isang maunlad na bayan ang Pateros ay pinaniniwalaang may malaking buwaya na kinatatakutan ang mga tao rito. Ito ang kumakain ng itik na alaga ng mga mamamayan. Sinunod ng mga mamamayan ang payo ng pari na magdebosyon kay Santa Marta. Mula sa kuwentong bayan sa Pateros, isang gabi na kabilugan ng buwan ay may isang lalaki na naglakas ng loob na harapin ang hamon na lupigin ang buwaya sa ilog. Mayroon siyang dalang tabak at patpat na pinainan o nilagyan ng manika. Ngunit napatay ng buwaya ang nasabing lalaki. Dahil sa takot, sama-samang nanalangin ang buong bayan at humingi ng gabay kay Santa

Marta. Madaliang napatay ang buwaya matapos ang sama-samang panalangin sa santa. Naniniwalang ito ay tulong ni Santa Marta. Agad na nagdiwang ang mga patero. Dahil dito ay nagpasya ang mga patero na kung maaari ay magpagawa ng isang imahen ng isang santa na anyong dalaga na nakatuntong sa ibabaw ng buwaya, may tangang palaspas sa kanan at krus sa kanyang kaliwang kamay. Mula noon ay pinarangalan nila ang mahal na pintakasi ng isang pamisa at pagpipista sa ilog na tinatawag na pagoda. Kasabay ng pista ay ang pagkakaroon ng sayaw ng pandango sa kalsada hango sa katutubong mga paniniwala ng mga taong bininyagang Kristiyano. Noong Hulyo 1, 1885 sinimulang itayo ang simbahang bato at nang sumapit ang Agosto sa taon ding iyon ay dumating ang kauna-unahang kura- Paroko na si Fray Andres Veil. Siya ang unang namuno sa unang misa bilang bagong parokya ng Pateros noong Agosto 16, 1815. Naging araw din ito ng pagluluklok kay San Roque bilang titular na patron ng parokya na marahil ay bilang paggunita sa kanyang pagdating at isang debosyong ipinangangalat ng mga paring Agustino.

Bagaman popular na santo at santa sina San Roque, Santo Rosario, natatangi ang pag-uugnay kay Santa Marta sa bayan ng Pateros bilang pinaniniwalaang patrona ng mga magbabalut (Nocheseda 87). Ang paniniwalang ito ang humubog sa *pasubo* at iba't ibang anyo ng gawaing kadikit ng pamimintuho sa santang pinaniniwalaang tagaprotekta ng bayan at tagapagpaunlad ng industriya ng balutan.

*Ilang Kuwentong Bayan ukol Kay Santa Marta*

Bahagi ng mayamang kasaysayan ng Pateros ang pamimintuho kay Santa Marta. Ang pamimintuhong ito ay nakaugat sa kabuhayan ng mga taga-Pateros: ang pag-iitik at pagbabalut. Ang mga kuwento sa buwaya, pag-aalalaga ng itik, at biyaya ng ilog ang masasabing ugat ng pamimintuho sa santa (Nocheseda 65-67).

Maraming paniniwala ukol sa kapangyarihang taglay ni Santa Marta batay sa iba't ibang kuwentong nagpasalin-salin na sa iba't ibang henerasyon (Maayo 1-10). Ayon sa mga kuwento, si Santa Marta ay pinaniniwalaan ng kanyang mga deboto na isang napakaganda at napakabuting dalaginding na nanirahan sa Aguho. Isang araw nang siya ay naglalaba sa may tabing ilog siya ay nilunok ng buwaya. Dala ng kanyang kadakilaan ay muli siyang iniluwa ng buwaya at ito ay kanyang tinuntungan. Ang buwaya at si Santa Marta ay naging kapwa estatwang kahoy (Poblete 22). Isa pang paniniwala na isa siyang imaheng

matanda na napulot ng mga patero noong may isang malakas na bagyo at kabilugan ng buwan. Dinala nila ang imahen ni Santa Marta sa tahanan nina Kabesang Selo (Ortega 12). Inilagay ito ng kabesa sa silong ng kanyang tahanan sa pag-aakalang ito ay manikang hindi maaaring paglaruan. Ngunit isang gabi, ang nasabing imahen ay nagliwanag at nasaksihan ng maraming mamamayan kasama ang mga pari na naroroon at nakumpirmang ito ay imahen ni Santa Marta.

May paniniwala ring ang imahen ni Santa Marta ay ibinigay ng isang matandang babae sa taong bayan. Ang kauna-unahang imahen ni Santa Marta ay isang maliit na pigura na mistulang isang anting-anting na nagligtas sa bayan ng Pateros mula sa isang buwaya na pumapalibot sa ilog sa Pateros. Panghuli, pinaniniwalaan din na si Santa Marta ay madalas na magpakita sa ilog tuwing kabilugan ng buwan na tila isang napakagandang diwata na nakasakay sa ibabaw ng buwaya at mistulang nagbabantay sa buong bayan.

Ang ilang mga kuwentong bayang ito ay nagpaigting sa pananampalataya ng mga mamamayan kay Santa Marta. Hanggang ngayon, nananatiling buhay ang tradisyon ukol sa parangal kay Santa Marta. Tinatawag na orihinal na Santa Marta o ang "matandang santa" ang tinaguriang mapaghimalang patrona ng Pateros. Dahil sa kanyang morenang kulay, ang birhen ay tinatawag na "Prinsesang may Koronang Imperyal." Ang birhen ay may tangan-tangan na dahon ng palaspas. Gawa sa Molave ang katawan ng imahen samantalang ang ulo ay gawa sa Batikuling.

*Pista kay Santa Marta, Alay ng mga Magbabalut*

Noon pa mang 1799, tuwing buwan ng Pebrero o bago sumapit ang Mahal na Araw, mayroon nang nagaganap na malaking pagdiriwang ng kapistahan sa Aguho o Pateros. Ang buwan ng Pebrero ay panahon ng masaganang ani ng itlog ng itik kaya't masigla ang pagbabalut. Akma ang panahon sa mga tumutubong organismo na magiging pagkain ng mga suso, tulya, at kuhol na pangunahing pagkain ng mga itik. Kadalasang ligtas din ang mga itik sa banta ng bagyo kaya sagana ang pagbibigay nila ng mga itlog. Masagana rin ang ani mula sa mga palayan at iba pang pananim sa bayan (Nocheseda 73-74). Dahil dito, halos lahat ng mga mamamayan ay may kakayahang maghanda para sa Pista kay Santa Marta. Dahil sa masaganang ani, lahat ay may kakayahang maghanda, kaya ang buwan ng Pebrero ay tinatawag na "Pistang Pobrero." Habang ang pagdiriwang naman sa ikahuling linggo ng Hulyo ay tinatawag na Pista ng Mayaman.

Ang mga angkan ng Tuason, de Borja at Quiogue na sinasabing nanguna sa paggawa ng balut ang mga masisigasig na tagapag-alaga o *rekamaderos* ng patron ni Santa Marta. Bilang pasasalamat sa walang tigil na pagbibigay ng mga biyaya sa kanila, sila ang nangangalaga sa imahen, nagsusuot ng magarang damit at nagpapakain sa oras ng iba't ibang seremonya.

*III. Ang Pasubo bilang Pagtatagpo:*
*Lunan ng Iba't ibang Uri ng Pagwiwika*

Karaniwang matatanggap na ipinapasubo ang mga kakanin (sumang malagkit o balinghoy, binalot na bibingka), prutas (kahel o mansanas), gawang Pateros (balut, penoy, itlog na maalat, alpombra). Noon, makikita ang malalim na ugnayan ng mga mamamayan ng Pateros sa mga kuwento ng diwata at katalonan na sinasabing namumuno ng ritwal. Sa kasalukuyan, ang ugnayang ito ay bitbit ng selebrasyon ng pasasalamat kay Santa Marta.

Hitik ang *pasubo* sa iba't ibang anyo ng pagtatanghal o pagganap. Bago mangyari ang pinakahihintay na *pasubo* ay nagkakaroon ng nobena sa loob ng simbahan bago maganap ang hinihintay na prusisyon sa gilid  (ligid kung tawagin ng mga taga-Pateros) ng patio patungo sa iba't ibang baranggay. Bahagi rin ng pagtatanghal ang pagpapadamit kay Santa Marta, pagkakaroon ng pagoda sa lansangan (dati ay sa ilog), prusisyon, at paghahanda sa patron. Ang mga ganitong tagpo ay naka-angkla sa ugnayan ng pananampalataya at espiritwalidad (Covar 168-170). Ito ay nakabatay sa ating mga paniniwala. Gumagalaw ang lahat ng ito sa ugnayan ng espiritwal at materyal na iniikutan ng kalikasan at kultura ng isang kalinangang bayan gaya ng Pateros.

*Ugnayang tao-kalikasan*

Mababakas din sa mahabang tradisyon ng *pasubo* sa Pateros ang ugnayan nila sa kalikasan partikular sa Ilog Pateros at ang ugnayan ng taga-Pateros sa kanyang kapwa gaya ng mga taong kaugnay ng produksyon, distribusyon, at konsumpsyon ng balut. Samakatuwid ang *pasubo* sa Pateros ay ubod ng organikong pagkakabuo ng bayan (Rodriquez-Tatel 15).

Dahil sa talaban ng kultura at kalikasan bilang ikutan ng pananampalataya at espiritwalidad, nagkakaroon ng ugnayang panlipunan na iniluluwal ng *pasubo* na nagbubunga ng ugnayan sa Pateros.  Ang ugnayang nabuo dahil sa *pasubo* ay bahaginan ng buong komunidad. Ang *pasubo* ay maituturing na wikang di-

kognitibo. Iginigiit nito ang wika ng paniniwala at pananampalataya sa bayan ng Pateros.

*Paggalaw bilang Pananampalataya*

Sa paglipas ng panahon, unti-unting nagbagong bihis ang *pasubo*. Sa prusisyon mamamalas ang sayawan sa daan sa saliw ng tugtog ng "balitaw". Kapag huminto ang sayaw ay isasagawa na ang seremonya ng pagsasagawa ng pagbibigay o *pasubo*. Nagpapatuloy ang prusisyon ng pagsasayaw sa imahen ni Santa Marta hanggang marating ang ilog ng Sto. Rosario. Nag-aabang naman ang mamamayan upang sumama sa pagoda o prusisyon sa ilog. Inaabangan din ang "pandangguhan," at pagkatapos ng misa sa ganap na alas-otso ng umaga ay magsisimula na ang prusisyon. Halos lahat ay umiindak sa saliw ng pandanggo na pinaniniwalaang ginagaya ang ilang galaw ng mga itik. Ang galaw ay pinaniniwalaang halaw sa isinasagawang sayaw ng mga ninuno ng mga taga-Pateros upang gumaling sa kanilang mga sakit.

Ang *pasubo* bilang ritwal o pamamanata ay salaysay ng kalinangan sa Pateros. Ito ay talaban ng talastasan sa pagitan ng nagpapasubo, pinasusubuan, at ng buong bayan Maihahalintulad sa isang pagtatanghal ang mga ritwal o pamamanata sa anyong panalangin (Covar 168-170). Ito ay manipestasyon ng pananampalataya at naisasakatuparan sa pamamagitan ng mga taong namumuno.

*Pagsunod at Pagkontrol*

Nakaugat sa pananampalataya ng mga taga-Pateros ang ritwal ng *pasubo* bilang kalahok sa mahalagang gawain ng bayan. Nakabatay sa pananampalataya ng isang indibidwal ang pag-iral at paglahok sa mga ritwal ng kanyang kinabibilangang relihiyon at pagtingin sa relihiyon bilang produkto ng lipunan. Tuwiran lamang itong mabubuhay, iiral, lalahok, at mas magiging makapangyarihan kung gagamitin bilang instrumentong makatutulong sa pagpapahayag ng mga saloobin, sasabihin, at paniniwala (Peregrino 223). Ang *pasubo* bilang ritwal ay daluyan ng pagpapahalaga sa mga biyayang natatatanggap sa pinaniniwalaang misteryosang si Santa Marta. Bilang pagpupugay ay papalitan ito ng pagpapasubo bilang anyo ng paniniwala at pasasalamat.

Kapansin-pansin ang pagsunod ng mga mananampalataya mula sa taal

na taga-Pateros, dayo, at nagbabalik-bayan dahil sa senaryong ang *pasubo* ay nagiging "paagaw" na nagiging sanhi ng paglihis ng taimtim na pananampalataya kay Santa. Marta (Nocheseda 83-85). Kinokontrol ng *pasubo* ang pag-iisip ng mga taong sumasali sa selebrasyon bilang pansamantalang pagtakas sa realidad ng lipunan. Kitang-kita ang pagsunod ng mga mananamplataya dahil sa dagat ng tao ng nakikipagsiksikan, nakikipagbalyahan, nakikipag-agawan makakuha lamang ng biyayang ipinapasubo sa mga matiyagang sumasama sa prusisyon.

Tinitingnan rin ang *pasubo* bilang iba't ibang anyo ng pagdiriwang batay sa iba't ibang katayuang panlipunan. Isa itong tipikal na pagdiriwang ng pasasalamat sa mga magbabalut, negosyante, o mayamang angkan sa pamayanan ng Pateros na "makapagpasubo." Sila ang mga taong nakaposisyon sa mga taas ng kani-kanilang tahanan upang maghagis, magbigay, magpaagaw, o magpasubo ng mga sinasabing biyaya.

Nagaganap ang *pasubo* sa pagitan ng mga "nagpapasubo" o namamanata na nagbibigay ng "subo" o hagis sa mga tao o "pinapasubuan". Ang posisyon ng mga kalahok ay batayang perpormatibo ng nagtatalabang kapangyarihan. Sukatan din ito ng katayuang panlipunan ng mga taong magpapasubo. Ang nasa taas ay ang nagpapasubo at ang nasa baba na nakikipag-agawan. Posibleng makaranas ng sakitan ang namamanata o masa na pansamantalang umaasa sa biyayang pasubo kung papalaring makasalo, makaagaw, o makadampot buhat sa biyaya ng nagpapasubo. Inaabangan din ng mga sumasama sa prusisyon upang makilahok sa *pasubo* ang mga biyayang maaaring ipasubo.

Isang klarong pagwiwika ang *pasubo*. Ang ganitong pananampalataya ay pagpapamalas ng pagsunod sa wika o salitang sinasabi, pinaniniwalaan, at sinusunod ng marami sa isang tiyak na pamayanan (Peregrino 223-26). Matingkad itong makikita sa idinaraos na pamamanata ng mga nagpapasubo o nakikiagaw. Upang maging kabahagi ng paniniwala, kailangang gamitin at sundin ang kaakibat na wika ng *pasubo* na may taglay na internal na pamantayang nagtatakda sa pagiging tama o mali ng gawaing pampamayanan. Dahil sa balut at *pasubo*, nagiging isa ang bayan. Sa kabilang banda, ang pangyayaring ito sa panloob na ugnayan ng tao sa kalikasan at tao sa tao ay may posibilidad na dumanas ng batikos o kritisismo mula sa hindi nakauunawa sa pasubo (Constantino 7-10). Pansamantalang naililihis nito ang isyu ng kahirapan, politika, at kabuhayan ng pamayanan bunga ng layuning itanghal ang mayamang kasaysayan at kalinangan ng Pateros.

*IV. Pasubo Bilang Pagbabalik*

Dahil sa pagtatangkang dalhin ang industriya at komersiyo sa maliit na bayan ng Pateros, nangyari ang transisyon mula sa agrikultural na kapaligiran patungo sa masikip at mataong Pateros (Gonzales 26-27). Binago nito ang dating luntiang kapaligiran na sagana sa mga kawayan at palayan. Ang mga puno ng aguho na lumilikha ng lilim ay unti-unti nang nangaubos.

Lumaki ang populasyon mula sa tinatayang 8,340 noong 1948 patungong 59, 407 noong 2000. Tugma ito sa mabilis na paglobo ng bilang ng kabahayan mula 11,377 noong 1995 na naging 12,029 noong taong 2000. Kitang-kita ang masikip na paninirahan ng maraming tao sa lumiliit na lupain ng Pateros na umabot na lamang sa 14 na ektarya.

Naitalang halos 82 milyong kilo ang nakukuhang mga isda sa kabuuan ng Lawa ng Laguna na pinagdurugtungan ng mga ilog sa Pateros. Dahil sa polusyon, paglaki ng populasyon at malawakang industriyalisasyon na pumipinsala sa mga anyong tubig, tinatayang apat na milyong kilo na lamang ang nakukuhang isda noong 2000 (Gonzales14-16). Maging ang kabuhayan sa pagpapalayan ay unti-unti nang nawala. Tuluyang lumikas ang mga mangingisda sa ilog upang humanap ng ikabubuhay sa iba't ibang lugar. Dagdag pa rito ang pag-alis ng mga orihinal na mga taga-Pateros upang tumungo sa mga karatig lugar dahil kaunti na ang mapagkukunan ng mga pagkain tulad ng suso, tulya at kuhol.

Sa paglipas ng panahon ay lumiit at kaunti na ang mga taong gumagawa ng balut, kumpara noon na halos lahat ng mga mamamayan ay sangkot rito.Dulot ito ng pagbabagong pangkapaligiran sa Pateros. Nabago ang ekolohikal na kalagayan ng Pateros dulot ng malawakang pagbabago ng ilog (Nocheseda 74-77). Nasira ng polusyon sa tubig ang sanga-sangang ilog na tinatayang humigit-kumulang sa labinlima. Dahil sa pagkasira ng ilog na nagdulot ng pagliit ng produksyon ng balutan, ang iba ay lumipat na ng mga tirahan sa karatig bayan ng Taguig, Pasig, at Makati (Gonzales 22-23) at Laguna. Kasabay ng pagkamatay ng ilog ang unti-unting paghina ng industriya ng balutan. Nag-umpisa ito sa Kalawaan malapit sa Ilog Pasig hanggang sa palibot ng lawa sa mga bayan ng Angono at Binangonan sa Rizal at San Pedro, Cabuyao, at Sta Cruz sa Laguna. Maging ang mga lalawigan ng Bulacan, Pampanga, Nueva Ecija, at Bataan ay pinaglipatan na rin ng industriya ng itikan na kalauna'y naging pagawaan na rin ng balut.

Ang naitalang mga pagbabago sa bayan ng Pateros sa aspektong ekolohikal, pang-ekonomiya, at kultural ay may direktang kaugnayan sa pagbabago ng komunidad sa domeyn ng balutan. Ito ang mga pangunahing salik sa paghina at

pangambang pagkamatay ng industriya ng balutan sa Pateros.

Kung ang mga nakagisnang gawain na may kaugnayan sa pagbabalutan ay nagbibigkis sa buong komunidad ay tuluyang magbabago at maglalaho, makikita kung paano lumaban ang pamamanata at "pagpapasubo" upang ipagpatuloy ang balutan bilang bahagi ng kaakuhan ng Pateros.

Sa kabila ng nag-uumpugang bato ng modernisasyon at globalisasyon ay tuloy pa rin ang ritwal at pagriritwal (Salanga 60-64). Mamamalas ito sa *pasubo* na magbago man ang panahon ay hindi mabubuwag ang nakagisnang tradisyon bilang pagtatagpo ng iba't ibang naratibo na may kaugnayan sa pinagdaanan at pagkakakilanlan ng bayan.

Kapag dumarating ang buwan ng Pebrero, nagsisibalikan ang mga magbabalut sa Pateros bilang panata sa pinaniniwalaang milagrosang birhen na si Santa Marta (Quiogue). Muling ipamamalas ang pakikiisa sa masayang pagdiriwang ng pista. Nagkakaroon ng pagtatanghal gaya ng moro-moro at sarsuela ang mga lokal na artista ng bayan. Mayroon ding peryahan.

Tinatayang ang mga bumabalik na mga taga-Laguna at taga-Rizal ay umalis sa bayan ng Pateros matapos ang pagputok ng bulkang Taal sa pagitan ng 1920-1930. Bumabalik rin ang mga nangibambansa upang mamanata gaya ng nakagisnan at nakikisaya sa makulay na pista ni Santa Marta sa Pateros.

Kasama sa pagbabalik ang pagsaksi sa pamamanata kay Santa Marta at pakikilahok sa *pasubo*. Sa mga may naiwang kamag-anak sa bayan ng Pateros, muli nilang gagawin ang nakagawiang paghahagis ng iba't ibang produktong ipasusubo. Buong gilas na ihahagis ang mga produkto na sagisag ng pasasalamat. Kinikilala naman ito ng mga taong bumabalik upang makakuha ng "subo".

Sa mga taal na taga-Pateros na hindi na nakauuwi o nakababalik sa Pateros, naging bahagi pa rin ng kanilang buhay ang pagdiriwang ng pasasalamat kay Santa Marta. Naitalang may mga pagdiriwang ng mga Pilipinong taga-Pateros sa kapistahan ni Sta Marta sa Chicago, Illinois, New York, New Jersey, Los Angeles, San Francisco, San Diego, sa Estados Unidos at Winnepeg, Toronto, at Edmonton sa Canada.

Maliwanag na hindi sarado ang pasubo sa pakikipag-ugnayan mula sa loob at labas. Ayon kay Mojares (16), nabibigyang lohika ang pagbabahaginan ng komunidad ng mga materyal na bagay at pag-uugali. Samakatwid, kahit pa maraming pagbabago, patuloy na hinuhubog ng kapaligiran at ng mga mamamayan ang kalinangang bayan.

*V. Pasubo Bilang Pasasalamat at Pamamahagi sa Kaalamang Bayan*

Balut, penoy, balut, bili na kayo ng itlog na balut
Sapagkat itong balut ay mainam na gamot
sa mga taong laging nanlalambot
Balut, penoy, balut, bili na kayo ng itlog na balut
Sapagkat itong balut ay pampalipas ng pagod
at mainam pampalakas ng tuhod.

Bahagi ito ng awit kaugnay ng pagkain at paglalako ng balut. Maihahalintulad ito sa paraan kung paano bibigyang pagpapakahulugan ang *pasubo* bilang mayamang bahagi ng pagkakakilanlan ng Pateros na malaki ang kaugnayan sa pamamanata sa kinikilalang patrona ng balut ("Dasal ng Pamimintuho kay Santa Marta" 8-9). Ang pamamanata kay Santa Marta ay isang uri ng pamimintuho sa mga banal para sa mga Katoliko lalo na sa mga martir. Hindi lamang ito tinitingnan bilang bahagi ng pagiging isang Katoliko kung hindi bilang kasapi ng isang komunidad na mayroon pinagsasaluhang kultura.

Ang kultura ay isang komplikadong salita. Gaya ng *pasubo* posibleng may iba pang kahulugan batay sa kung paano ito titingnan. Walang isang natatangi o tiyak na depinisyon ng kultura maging ng pasubo sa Pateros. Mahalagang mabigyan ng identidad ang kontekstong diskursibo nito upang lalong makapag-ambag sa lumalalim at lumalawak na kaalaman ng isang bayan.

Ang kultura ay salitang halaw sa Latin na 'colone/colonus' na may pakahulugang *cultivation, inhabit, propagation* at *protect.* Mailalapat ang kahulugan ng kultura sa kultibasyon. Sa unang pagtingin ay tila nakatuon ang pagtukoy nito sa agrikultural na katuturan. Ngunit sa mas malalim na pagpapakahulugan, hindi lamang ito basta kultibasyon bagkus ay nakatuon sa sentro ng pagpapalago o paglilinang upang mapino, mapalago, mapaunlad ang isang bagay na napili. Ang nasabing paglinang at pagpapalago ay daraan sa isang proseso ng pagsasanay at pagpipino na magagawa sa pamamagitan ng edukasyon. Isa pa ring tinitingnang batayan ay ang paniniwalang ang kultura ay katumbas ng sibilisasyon.

Ang antas ng sibilisasyon ang nagtatakda sa pagpapahalaga ng kahulugan ng kultura. Ito ay umuunlad bilang alternatibo sa dominanteng paniniwala sa konsepto ng sibilisasyon. Sinasaklaw nito ang lahat ng aspektong istandard na gawaing panlipunan kaya't bawat kilos ng tao ay nakabatay rito. Kultura ang nagtatakda ng maangking kakanyahan ng kalipunan ng tao. Kolektibo ito. Bagaman bawat indibidwal ay may halaga sa pagbuo nito; ang pagiging

grupo ang nagpapatingkad nito. Ang kultura ay natututuhan, pinagsasaluhan, mekanismo sa pakikibagay at integratibo. Samakatuwid, nakaugat sa pasubo bilang anyo ng pamamanata ang mayamang ugnayan ng wika at kultura. Hindi nagtatapos ang pamamanata bilang anyong perpormatibo dahil nakaugat dito ang wika at kultura ng Pateros. Ito ay kolektibong kaban ng karanasan ng tao sa ngalan ng kalinangang bayan. Sa isang gawaing pinagsasaluhan ng komunidad, makikilala ang bayan, ang kanyang kultura at matutuhan niya itong angkinin at ipagmalaki.

Ang paglahok sa *pasubo* ay ipinaliliwanag ng maigting na organikong ugnayan ng tao sa kapaligiran. Hinuhubog ng kapaligiran at mamamayan ang kalinangang bayan. Ipinapamalas ang pagsunod sa wika o salitang sinasabi upang maging bahagi ng ritwal. Ang *pasubo* ay nagiging isang pampamayanang pangyayari na bukod sa pasasalamat, pagbabalik, pagtatagpo, at pamamanata ay pagkontrol sa kanilang pagkilos upang isabuhay at ilapat ang panlipunang perpormatibo sa bayan ng Pateros. Dahil sa *pasubo* nagkakaroon ng ugnayan ng pagbabalik, pagtatagpo at pagdiriwang na pinagsasaluhan ng mga mamamayang taal (kaugnay ng pagbabalut) at di-taal (dayo at nais sumaksi sa *pasubo*) na taga-Pateros. Ang pagbabalik, pagtatagpo, at pagdiriwang sa bayan ng Pateros ay buhay na patotoo sa tunay na esensiya na ang pasubo ay batayan ng mayamang kalinangang bayan.

**Mga Sanggunian**


Arganda, Amelia H. “The Business Conditon of Balut Industry in Municipality of Pateros, Metro Manila”. Rizal Technological College, 1989. Di-nailathalang masteradong tesis.

Constantino, Pamela C, Ramos, Jesus Fer. *Wika, Linguwistika, at Bilinguwalismo sa Pilipinas*. Quezon City: Rex Bookstore, 1985. Nakalimbag.

Capitan S.S. *Ang Paggawa ng Balot*. Laguna: College of Agriculture Publication Program University of the Philippines Los Baños College, 1993. Nakalimbag.

Cosme, Elias. “The Emerging Feasibility Study of an Integrated Balut Making.”Asian Institute of Management, 1972. Di- nailathalang masteradong tesis.

Covar, Prospero R. *Mga Babasahin sa Agham Panlipunan*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino-Diliman,1999. Nakalimbag.

---. *Seminal Essays on Philippine Culture*. Manila: National Commission on Culture and the Arts,1998. Nakalimbag.

Dagmang Ferdinand D. “Ang Ethnographer/ Field Worker: Sa Pagitan ng Damdamin at Isipan.” *Malay* XXV: 2, 2012. Nakalimbag.

Dela Paz, Cecilia. “Poon at Panata: Sining at Paniniwala sa Mahal na Senyor ng Lucban, Quezon.” *Philippine Humanities Review* 2, 2008. Nakalimbag.

Estevez, Gervacio E. “The Growth Prospects of the Balut Industry in Municipality of Pateros.” Diss. University of Asia and the Pacific, 2001.

Evasco, Eugene Y. ”Sapagkat Lagi Tayong Humahakbang kahit may Binabalikan” *Diliman Review* 49:3-4, 2001. Nakalimbag.

Gonzales, Ernesto. “The Economics of Ecological Anthropology of Pateros and Its Implication to Sustainable Development in the Philippines.” Diss. Maynila: Asian Social Institute, 2002.

---. “The Changing Ecology of the Economic Globalization in Pateros, Metro Manila: A Preliminary Approach to Eco-Geographic Historiography in Social Development.” UNITAS. 75:1 (9-28), 2002. Nakalimbag.

Maayo, Geraldine. “A Collection of Pateros Folktales” Pasig Papers. Vol.36 of E. Arsenio Collection, 1964. Nakalimbag.

Mojares, Resil. *Theater in Society, Society in Theater: Social History of a Cebuano Village*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1985. Nakalimbag.

Nocheseda, Elmer I. “Ecological and Ritual Change in the Devotion to Santa Marta of Pateros.”*Philippine Quarterly of Culture and Society.* Pilipinas: Maynila, 2002 (65-100). Nakalimbag.

Ortega, Leopoldo. “Pateros” *Meralco Magasin* (2-9), 1961. Nakalimbag.

---. ”History and Coin Hoarders: Four Stories from Pateros,” *Sunday Times Magazine* (2). 1965. Nakalimbag.

Pe-pua, R. “Kros-katutubong Perspektibo sa Metodolohiya: Ang Karanasan ng Pilipinas.” *Binhi* 1, 2005. Nakalimbag.

Peregrino, Jovy M Pamela C. Constantino, Nilo S. Ocampo, at Jayson D. Petras. (Mga Ed.) *Salindaw: Varayti at Baryasyon ng Filipino*. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Pilipino, Unibersidad ng Pilipinas, 2012. Nakalimbag.

---. Constantino, Pamela, Ocampo, Nilo (Mga Ed.). *Minanga: Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino-Diliman, 2002. Nakalimbag.

Resuma Vilma M. ”Ang Wikang Filipino sa Kalakarang Globalisasyon” nasa *Komunikatibong Suplemento sa Filipino XIV* (1-2). Maynila: Innovative Educational Materials, Inc.. Nakalimbag.

Rodriguez-Tatel, Mary Jane. *Ang Dalumat ng Bayan sa Kamalayan at Kasaysayang Pilipino*. Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2005. Nakalimbag.

Salanga, Elyrah Loyola. “Buhay Ritwal: Ang Ritwal sa Kamalayan at Kulturang Pilipino.” *Malay* XIX: 3, 2007. Nakalimbag.

Salazar, Zeus. *Sikolohiyang Panlipunan at Kalinangan: Panimulang Pagbabalangkas ng Isang Larangan.* Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2004.Nakalimbag.

---. *BAKAS: Babaylan sa Kasaysayan*. Lungsod Quezon: Bagong Kasaysayan, 1999. Nakalimbag.

---. “Ukol sa Wika at Kulturang Pilipino.” Constantino, P.C. at M.M. Atienza (Mga Pat.) *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*. Lungsod Quezon: UP Press, 1996. Nakalimbag.

---. “Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasnan.” Bautista, V.V. at R. Pe –Pua (Mga Pat.), *Pilipinolohiya: Kasaysayan, Pilosopiya at Pananaliksik*. Maynila: Kalikasan Press, 1991. Nakalimbag.

San Buenaventura, Mario. “Ang Kaganapang Sikolohiyang Pilipino sa Pagsasakatutubo,Pagka-Agham at Pagka-Filipino.” *Ang Sikolohiyang Pilipino Isyu: Pananaw at Kaalaman*. Maynila:National Bookstore, 1985. Nakalimbag.

Tablante, Nathaniel at Constantino Melchor. “The Marketing of Duck Eggs in Morong ,Pasig and

Pateros, Rizal. Philippine Agriculturist", 36: 6 (303-30) 1974. Nakalimbag.

---. "Ducks Moves to Luzon Rice Lands" *BAIF Recorder*, 14:33,8. 1974.Nakalimbag.

Tiatco, Sir Anril P. "Celebrating in the Waters and Frolicking with St. Peter: Performance of Folk Narrative and Catholic Church Nararative in a Kapampangan Community." *Philippine Humanities Review* 2, 2008. Nakalimbag.

Turner, Victor. W. *The Ritual Process*. Aldine Publishing Company. United States of America: Chicago,1976. Nakalimbag.

Villanueva, Voltaire M. "Panimulang Pag-aaral sa Varayti ng Tagalog Pateros sa Domeyn ng Balutan." *Dalumat E-Journal* 3:1-2, 2012. Nakalimbag.

Virtusio, Wilfredo. "Ang Kuwento ng Nawawalang Ilog (O Isang Sulyap sa Bayan ng Pateros". *Burador*. Ateneo de Manila University Press. Pilipinas: Quezon City, 2010. Nakalimbag.